HealthySF

OUR HEALTH ACCESS PROGRAM

HANDBOOK NG KALAHOK

Lungsod at County ng San Francisco
Departamento ng Kalusugan ng Publiko
Na-update Mayo 2022

healthysanfrancisco.org

Mga Nilalaman

Tungkol sa Handbook na ito 1

Ano ang Healthy San Francisco? 1

Ang Iyong Medical Home 3

Ang Iyong ID Card 4

Humingi ng Pamalit na ID Card 5

Magtakda ng Appointment sa Iyong Medical Home 5

Pag-uulat ng Reklamo 6

Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan na Ipinagkakaloob ng Healthy San Francisco 7

Pangunahin at Pang-iwas sa Sakit na Pangangalaga 7

Espesyal na Pangangalaga 7

Agarang Pangangalaga 8

Mga Serbisyo ng Ambulansya 8

Emergency na Pangangalaga 9

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip 9

Paggamot para sa Alak at Droga 10

Pangangalaga ng Ospital 10

Pagpaplano ng Pamilya 13

Matibay na Kagamitang Medikal 13

Mga Pagsusuri sa Laboratoryo 14

Botika 14

Mga Serbisyong Hindi Kasama 15

Pananatiling Malusog.....16

Bago Ka Bumisita sa Iyong Medical Home 16

Habang Ikaw ay nasa Iyong Medical Home 17

Bago Ka Umalis sa Iyong Medical Home 18

Mga Babayaran ng Kalahok.....19

Mga Babayaran Kung Saan Ipinagkakaloob ang Mga Serbisyo..... 20

Panahon ng Pagre-renew 21

Mga Madudulugan at Importanteng Kontak..... Pabalat sa Likod

Tungkol sa Handbook na ito

Sa mga sumusunod na pahina, makikita mo ang makakatulong na impormasyon tungkol sa pakikilahok mo sa Healthy San Francisco. Ang Handbook na ito ay isinulat upang gawing madaling maintindihan ang programang ito. Pakibasa ito bago itakda ang unang appointment mo sa doktor.

Ano ang Healthy San Francisco?

Ang Healthy San Francisco ay isang programang dinisenyo upang gawin ang mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na bukas at abot-kaya sa mga hindi nakaseguro na residente ng San Francisco anuman ang kanilang katayuan sa imigrasyon, trabaho, o kasalukuyang kondisyong medikal. Espesyal ang programang ito dahil makakapili ka ng Medical Home na pupuntahan hindi lamang kapag maysakit ka, ngunit para sa regular at pang-iwas sa sakit na pangangalaga upang tulungan kang manatiling malusog. Sa Healthy San Francisco:

- Mapipili mo ang sarili mong Medical Home
- Magkakaroon ka ng sarili mong doktor o tagapagbigay ng serbisyo sa Medical Home na kikilala sa iyo at sa kasaysayan ng kalusugan mo
- Mayroon kang Medical Home at Sentro ng Serbisyo sa Kostumer na tatawagan kapag kailangan mo ng tulong
- Alam mo kung magkano ang iyong mga serbisyo bago mo tanggapin ang mga ito
- Mayroon kang madaling paraan para muling magpatala sa programa sa pamamagitan ng pagkumpleto sa aplikasyon ng renewal isang beses kada taon
- Hindi mo kailangang maghintay hanggang maysakit ka upang kumuha ng pangangalagang medikal

Ang Healthy San Francisco ay Hindi Segurong Pangkalusugan

Ang Healthy San Francisco ay nagbibigay ng pangunahin at nagpapatuloy na pangangalagang medikal sa mga taga San Francisco na walang segurong pangkalusugan. Nag-aalok ang Healthy San Francisco ng limitadong network ng mga tagapagbigay ng pangangalaga sa kalusugan. Kung gagamit ka ng mga ibang serbisyo o ibang tagapagbigay ng serbisyo, malamang na sisingilin ka. Sisingilin ka kung kailangan mo ng emergency na pangangalaga o pagpapaospital sa labas ng San Francisco o tatanggap ka ng emergency na pangangalaga o pagpapaospital mula sa mga ospital sa San Francisco na hindi nakikipag-partner sa iyong Medical Home (maliban kung karapat-dapat ka sa programang pangangalagang pangkawang-gawa).

Kung mayroon kang segurong pangkalusugan, huwag bibitawan ito. Binibigyan ka ng seguro ng mas maraming pagpipilian upang matugunan ang mga pangangailangan mo sa pangangalaga sa kalusugan. **Ang Healthy San Francisco ay hindi isang seguro.**

Ang Healthy San Francisco ay isang programang huling remedyo para sa mga residente ng San Francisco na hindi makakuha ng segurong pangkalusugan.

Ang mga taong karapat-dapat para sa mga kumpletong pampublikong programa sa insurance na pangkalusugan tulad ng Medi-Cal o Medicare ay hindi karapat-dapat para sa Healthy San Francisco. Ang mga patakaran ng programa, kabilang kung sino ang karapat-dapat, anong mga serbisyo ang kasama, ang pagkakaroon ng iba't ibang Medical Home, ang gastos upang makilahok, at anumang mga serbisyong medikal ay maaaring magbago nang walang abiso.

Ang Iyong Medical Home

Bawat Kahalok sa Healthy San Francisco ay pipili ng Medical Home kapag nagpapatala at nagre-renew ng kanilang coverage sa Healthy San Francisco. Ang Medical Home ay ang pasilidad ng pangangalaga sa kalusugan (sa karamihan ng kaso, isang klinika) kung saan ipagkakaloob ng isang tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga ang iyong pangangalagang medikal. Kukunin mo ang lahat ng iyong serbisyong medikal sa pamamagitan ng iyong Medical Home. Ito ang unang lugar na dapat mong tawagan kapag naghahanap ka ng mga serbisyong medikal.

Tawagan ang Iyong Medical Home upang:

- Magtakda ng appointment sa doktor
- Magtanong tungkol sa mga refill para sa inireresetang gamot
- Kumuha ng referral sa isang espesyalista
- Magpatala o i-renew ang iyong coverage sa Healthy San Francisco*

Ang numero ng telepono ng Medical Home mo ay makikita sa iyong ID card bilang Kalahok sa Healthy San Francisco.

Ang kasalukuyang Medical Home Network ng Healthy San Francisco ay binubuo ng Mga Klinika ng Departamento ng Kalusugan ng Publiko sa San Francisco, mga klinika ng Consortium ng Klinika sa Komunidad ng San Francisco, mga grupo ng pribadong doktor at mga iba pang tagapagbigay ng serbisyo.

Makikita ang detalyadong impormasyon sa mga lokasyon ng klinika, impormasyong pangkontak, at mga serbisyo sa Direktoryo ng Medical Home na makikita sa aming website sa **healthysanfrancisco.org.**

*Kung mayroon kang mga tanong kung saan magpapatala o magre-renew, tawagan ang Healthy San Francisco sa: **1(415) 615-4555**

Ang Iyong ID Card

Pinapadalhan ang mga Kalahok sa Healthy San Francisco ng card ng pagkakakilanlan, tinatawag na ID card ng Kalahok, kapag magpapatala o magpapalit sila ng Medical Home. Ipapaalam ng ID card mo sa iyong Medical Home na nakatala ka sa Healthy San Francisco. Palaging dalhin ang ID Card na ito, lalong-lalo kapag:

- Bumibisita ka sa iyong Medical Home
- Kumukuha ka ng anumang uri ng mga serbisyong medikal



Ang nasa itaas ay isang halimbawa ng ID Card ng Kalahok sa Healthy San Francisco.

Humingi ng Pamalit na ID Card

Kung nawala mo ang ID Card mo sa Healthy San Francisco, tawagan ang Serbisyo sa Kostumer upang humingi ng kapalit.

Matatawagan ang mga kinatawan ng Serbisyo sa Kostumer Lunes hanggang Biyernes, 8:30am hanggang 5:30pm

- Mga Kalahok sa Healthy San Francisco: **1(415) 615-4555**
- TDD/TTY para sa mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Diperensiya sa Pagsasalita: **1(415) 547-7830**

Magtakda ng Appointment sa Iyong Medical Home

Kung kasalukuyan kang Kalahok sa Healthy San Francisco, maaari kang magtakda ng appointment sa doktor sa pamamagitan ng pagtawag sa iyong Medical Home.

Ang address at numero ng telepono ng Medical Home mo ay nakalista sa iyong ID Card bilang Kalahok.

Dapat tawagan ng mga kalahok ang kanilang Medical Home upang kanselahin o palitan ang nakatakdang appointment *sa loob ng di bababa sa 48 oras.*

Pakitandaan na maaaring hindi ka kaagad makakakuha ng appointment, kaya magplano nang maaga kapag kailangan mo ng mga serbisyo.

Pag-uulat ng Reklamo

Kung may problema ka sa programa o mga serbisyong natatanggap mo, subukang pag-usapan niyo ito ng iyong doktor o isang tao sa iyong Medical Home kapag mangyari ito. Maaaring ito ang pinakamabuting paraan upang lutasin nang mabilis ang problema. Kung wala ka pang nakikitang solusyon, tawagan ang Serbisyo sa Kostumer ng Healthy San Francisco para humingi ng tulong sa:

1(415) 615-4555
Lunes hanggang Biyernes 8:30am hanggang 5:30pm PST

Kung hindi pa rin nalulutas ang problema, maaari kang magsampa ng pormal na reklamo sa telepono sa pamamagitan ng Serbisyo sa Kostumer sa pagkumpleto ng form ng reklamo sa Internet, o pagpapadala ng sulat sa:

Healthy San Francisco
P.O. Box 194287
San Francisco, CA 94119

Sa iyong sulat, pakibigay ang:

- **Impormasyong pangkontak sa iyo kabilang ang iyong pangalan, numero ng telepono, at email address** upang makapag-follow up kami sa iyo hinggil sa reklamo mo
- **Ang 14-digit na numero ng ID** sa iyong Healthy San Francisco ID Card
- Isang paglalarawan sa reklamo mo

Mangyaring ilarawan ang detalye ng problema:

- Ano ang nagawa na para tugunan ang problema
- Ilarawan kung ano ang nais mong mangyari upang malutas ang problema.

Hindi ka tatanggalin sa programa dahil sa pagsasampa ng reklamo.

Mga Serbisyo sa Pangangalaga sa Kalusugan na Ipinagkakaloob ng Healthy San Francisco

Pangunahin at Pang-iwas sa Sakit na Pangangalaga

Ang paggamot ng mga karaniwang kondisyong medikal, mga regular na pagpapatingin at screening ng kalusugan ay mahalagang bahagi ng iyong nagpapatuloy na paggamot para sa pangangalaga sa kalusugan. Lahat ng serbisyong ito ay saklaw ng Healthy San Francisco at ipinagkakaloob sa iyo ng iyong Medical Home.

Magtakda ng mga appointment mismo sa iyong Medical Home para sa mga regular na pagpapatingin.

Espesyal na Pangangalaga

Ang mga espesyalista ay mga doktor na tumitingin ng mga pasyenteng may mga espesyal na kondisyon sa pangangalaga sa kalusugan, tulad ng hika, diabetes, o mga problema sa puso. Ire-refer ka ng iyong Medical Home sa isang espesyalista kung kailangan mo ng payo o paggamot ng eksperto para sa isang espesipikong problema.

Ang ilang Medical Home ay may mga espesyalistang tauhan na makagagamot sa iyo. Ang mga iba ay ire-refer ka sa mga espesyalista sa isa sa mga ospital ng iyong Medical Home Network. Hindi ka maaaring magpatingin sa isang espesyalista nang walang referral mula sa iyong Medical Home. Kung magpapatingin ka sa isang espesyalista nang walang referral mula sa iyong Medical Home, hindi babayaran ng Healthy San Francisco ang matatanggap mong paggamot.

Agarang Pangangalaga

Palaging pinakamabuti ang tumanggap ng pangangalaga mula sa iyong Medical Home. Kung kailangan mong magpatingin kaagad sa isang doktor dahil nakakaramdam ka ng pananakit, magtanong sa iyong Medical Home upang alamin kung matitingnan ka nila sa kanilang klinika.

Makukuha ang mga serbisyo para sa Agarang Pangangalaga sa ospital sa iyong Medical Home Network. **Saklaw lamang ng Healthy San Francisco ang bayad ng mga serbisyo sa ospital ng iyong Medical Home Network.** Upang maghanap ng lokasyon ng agarang pangangalaga para sa bawat Medical Home, tingnan ang tsart sa mga pahina 11-12.

Mga Serbisyo ng Ambulansya

Saklaw LAMANG ng Healthy San Francisco ang mga serbisyo ng ambulansya para sa mga emergency na nagsasapanganib sa buhay at para LAMANG sa transportasyon sa loob ng San Francisco. Kung mayroon kang emergency na nagsasapanganib sa buhay, tumawag sa **911** upang kumuha ng ambulansya.

Emergency na Pangangalaga

Kung mayroon kang emergency na nagsasapanganib sa buhay, tumawag sa **911** o pumunta sa ospital sa iyong Medical Home Network. **Saklaw lamang ng Healthy San Francisco ang bayad ng mga serbisyo sa ospital ng iyong Medical Home Network. May tsart ng mga ospital sa iyong network sa mga pahina 11-12 sa handbook na ito.**

Ang mga medikal na emergency ay mga karamdaman o seryosong pinsala sa katawan na nagsasapanganib sa buhay o mapanganib. Maaaring kabilang sa mga ito ang:

- Kahirapan sa paghinga at/o kakapusan ng hininga
- Pananakit ng dibdib o itaas na bahagi ng tiyan o pakiramdam ng pagdiin sa iyong dibdib
- Mga pagsumpong ng pagkahimatay o biglaang pagkahilo o panghihina
- Di makontrol na pagdurugo
- Malalang pagsusuka o pagtatae
- Pakiramdam na gusto mong saktan ang iyong sarili o mga ibang tao

Ang mga serbisyo ng ambulansya ay saklaw **LAMANG** para sa mga emergency na nagsasapanganib sa buhay at para **LAMANG** sa transportasyon sa loob ng San Francisco.

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip

Ang mga kalahok sa Healthy San Francisco ay maaaring matasa para sa kompidensiyal na mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, tulad ng indibiduwal na pagpapayo para sa depresyon, pagkabalisa, pagpapanik, o tulong sa mga iba pang problemang emosyonal. Tatasahin ka ng mga babayaran sa isang sliding scale batay sa iyong kita. Kapag naaangkop sa klinika, ang mga serbisyong ito ay makukuha mo sa pamamagitan ng iyong Medical Home o sa pagkontak sa

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali sa Komunidad ng San Francisco sa:

- Mga Tumatawag nang Lokal:
  1(415) 255-3737
- Mga Tumatawag nang Toll-Free:
  1(888) 246-3333
- TDD/TTY para sa mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Diperensiya sa Pagsasalita:
  1(888) 484-7200
- **sfdph.org/dph/comupg/oservices/mentalHlth/CBHS**

Paggamot para sa Alak at Droga

Makukuha ng mga Kalahok sa Healthy San Francisco ang mga serbisyo para sa mga problema sa alak o droga mula sa Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali sa Komunidad ng San Francisco.

Ang pakikipag-ugnayan mo sa kanila ay pananatilihing mahigpit na kompidensiyal.

- Mga Tumatawag nang Lokal:
  1(415) 255-3737
- Mga Tumatawag nang Toll-Free:
  1(888) 246-3333
- TDD/TTY para sa mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Diperensiya sa Pagsasalita:
  1(888) 484-7200

Pangangalaga ng Ospital

Nagkakaloob ang Healthy San Francisco ng pangangalaga ng ospital sa ospital sa iyong Medical Home Network.

Maliban sa isang emergency, kakailanganin mo ng doktor o espesyalista sa iyong Medical Home Network upang i-refer ka para sa pangangalaga ng ospital.

Saklaw lamang ng Healthy San Francisco ang bayad ng mga serbisyo sa ospital sa iyong Medical Home Network. Kung ginagamot ka sa isang ospital sa San Francisco bukod sa isa sa iyong Medical Home Network, maaaring singilin ka para sa mga serbisyong natanggap mo at maaaring kailangan mong bayaran ang mga serbisyong iyon.

Ang Klinika ng Iyong Medical Home

North East Medical Services (NEMS)

Sister Mary Philippa Clinic

Kaiser Permanente

Lahat ng Iba pang Medical Home
San Francisco Health Network & San Francisco Community Clinic Consortium (SFCCC)

Mga Serbisyo ng Ospital

Zuckerberg San Francisco General
1001 Potrero Avenue
1(415) 206-8000

St. Mary's Medical Center
450 Stanyan Street
1(415) 668-1000

Kaiser Permanente Medical Center
2425 Geary Boulevard
1(415) 833-2000

Zuckerberg San Francisco General
1001 Potrero Avenue
1(415) 206-8000

Pagpaplano ng Pamilya

Makukuha ang mga serbisyo sa Pagpaplano ng Pamilya sa karamihan ng Medical Home ng Healthy San Francisco. Maaaring kabilang sa mga ito ang:

- Pagkontrol sa pagbubuntis
- Pagsusuri para sa pagbubuntis
- Pagsusuri para sa impeksiyong nakukuha sa pakikipagtalik

Ang mga Kalahok sa Healthy San Francisco ay maaaring humingi ng appointment para sa mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya. Tawagan ang iyong Medical Home upang magtakda ng appointment para sa OB/GYN at iba pang mga serbisyo sa pagpaplano ng pamilya.

Ang Healthy San Francisco ay ang programang huling remedyo at isasama lamang ang mga serbisyong nauugnay sa pagbubuntis kapag ma-screen ang Kalahok at mapatunayang hindi karapat-dapat para sa mga programa sa coverage na nauugnay sa pagbubuntis.

Matibay na Kagamitang Medikal

Ang Matibay na Kagamitang Medikal ay kagamitan na maaaring ireseta para sa iyo ng iyong Tagapagbigay ng Pangunahing Pangangalaga sa iyong Medical Home, tulad ng wheelchair o mga saklay.

Tanungin mo sa iyong Medical Home kung saan kukuha ng reseta para sa matibay na kagamitang medikal. Ang numero ng telepono para sa iyong Medical Home ay makikita sa iyong ID Card ng Kalahok sa Healthy San Francisco, sa Direktoryo ng Medical Home at sa Internet sa **healthysanfrancisco.org.**

Mga Pagsusuri sa Laboratoryo

Kung kailangan mo ng mga pagsusuring medikal o sa laboratoryo, maaaring maisagawa ang mga ito sa iyong Medical Home o sa ospital sa iyong Medical Home Network.

Hindi lahat ng Medical Home ay nagbibigay ng pagsusuri o gawaing panglaboratoryo. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang iyong Medical Home o tanungin ang iyong doktor kapag may ibinilin na mga pagsusuri.

Botika

Bilang Kalahok sa Healthy San Francisco, maaari kang kumuha ng mga inireresetang gamot. Ireresetа ang mga ito ng iyong doktor sa Medical Home kapag kailangan mo ang mga ito. Ibinibigay ng Healthy San Francisco ang mga partikular na gamot na naaprubahan nang gamitin. Binabayaran lamang ng Healthy San Francisco ang mga aprubadong inireresetang gamot na inireseta ng iyong tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa iyong Medical Home.

Ang Medical Home mo ay may nakatalagang botika o iba pang pamamaraan para kunin ang mga inireresetang gamot. Maaari mong tawagan ang Medical Home mo upang alamin ang nakatalagang botika nito o puntahan ang aming website at tingnan ang aming interactive Medical Home map para sa impormasyon kung saan kukunin ang mga iniresetang gamot.

Anumang mga gamot na hindi aprubado ay hindi binabayaran ng Healthy San Francisco.

Mga Serbisyong Hindi Kasama

Ang Healthy San Francisco ay isang limitadong programang access sa kalusugan. May mga partikular na serbisyo ang hindi kasama sa Healthy San Francisco. Ang sumusunod ay hindi kumpletong listahan ng mga serbisyo na hindi ipinagkakaloob ng Healthy San Francisco:

- Acupuncture
- Pagsusuri at Iniksiyon para sa Allergy
- Chiropractic
- Kosmetiko
- Ng ngipin
- Operasyon at mga Serbisyo para sa Gastric by-pass
- Pagsusuri at Pagpapayo hinggil sa Henetika
- Kawalan ng Kakayahang Magkaanak
- Pangmatagalang Pangangalaga
- Mga Pagta-transplant ng Organ
- Di-Emergency na Transportasyon
- Mga Imyunisasyon sa Pagbibiyahe
- Paningin
- Mga Aparatong tumutulong sa Pandinig

Hindi nagkakaloob ang Healthy San Francisco ng operasyong pagpapalit ng kasarian. Gayunpaman, maaaring hingin ng mga kalahok na interesado sa operasyong pagpapalit ng kasarian ang serbisyong ito sa pamamagitan ng hiwalay na programang iniaalok ng Departamento ng Kalusugan ng Publiko sa San Francisco. Kumuha ng karagdagang impormasyong tungkol sa operasyon para sa transgender at pagpapalit ng kasarian sa **sfdph.org.**

Pananatiling Malusog

Narito kung paano sulitin ang susunod na pagbisita mo sa doktor:

Bago Ka Bumisita sa Iyong Medical Home

Kapag nagtatakda ng appointment, sabihin sa kanila ang tungkol sa mga inaalala mo upang maitakda ang tamang haba ng panahon para sa iyong pagbisita. Kung ito ang unang pagbisita mo sa iyong Medical Home o sa bagong doktor, maging handang ibigay ang iyong kasaysayang medikal.

- **Magbigay** ng impormasyon tungkol sa anumang karamdaman na maaaring nasa iyong pamilya
- **Ilarawan** ang lahat ng kasalukuyan at nakaraang problema mo sa kalusugan at mga paggamot
- **Dalhin** ang mga lalagyan para sa anumang reseta at mga gamot na nabibili nang walang reseta, mga halamang gamot, suplemento, o bitamina na iniinom mo

Makakatulong kung isusulat mo ang ilang bagay bago ka pumunta sa doktor.

- Dapat kasama sa **maikling paglalarawan** sa iyong problema sa kalusugan ang listahan ng mga sintomas at detalye kung kailan nagsimula ang problema, saang parte ito, ano ang pakiramdam nito, at kung may ginagawa kang nagpapalala o nagpapabuti dito
- Dapat mong isama sa **listahan ng lahat ng gamot** na iniinom mo kung gaano karami at gaano kadalas mong iniinom ang mga inireresetang gamot at yaong nabibili nang walang reseta, pati na rin ang mga halamang gamot, suplemento at bitamina
- **Anumang mga tanong** na nais mong itanong sa iyong doktor

Habang Ikaw ay Nasa Iyong Medical Home

Kapag kausap mo ang iyong doktor, tandaan na ang kalusugan mo ay karapat-dapat sa kanyang oras.

- **Ilarawan nang malinaw ang mga sintomas ng kalusugan mo**, kailan ito nagsimula, saang parte ito, ano ang pakiramdaman nito. Makakatulong kung isusulat mo ang impormasyon bago ka pumunta
- **Magtanong** hanggang sigurado kang naiintindihan ng doktor ang mga inaalala mo at sinasagot nang kumpleto ang mga katanungan mo
- **Humingi ng nakasulat na impormasyon** kung hindi ka siguradong matatandaan mo ang lahat
- **Huwag kalilimutan ang kalusugan ng iyong emosyon;** inaapektuhan nito ang kalusugan ng katawan mo. Kaya banggitin ang lahat ng inaalala mo tungkol sa kalusugan ng pag-iisip, hindi lamang ang mga pisikal

- **Siguruhing alam ng iyong doktor** ang mga iniinom mong inireresetang gamot at yaong nabibili nang walang reseta, mga halamang gamot, suplemento at bitamina
- **Siguruhing alam mo** kung aling mga ospital at botika ang kapartner ng iyong Medical Home

Bago Ka Umalis sa Iyong Medical Home, alamin:

- **Kung dapat at kailan ka babalik** para sa isa pang pagbisita
- **Kung kailangan mong tumawag** para sa anumang mga resulta ng pagsusuri o para sa report hinggil sa kondisyon mo
- **Kung may mga partikular na babalang palatandaan** na dapat mong matyagan
- **Kung mayroon o walang mga materyales** na dapat mong iuwi o website na dapat mong puntahan upang alamin ang higit pa tungkol sa iyong diagnosis o paggamot

Mga Babayaran ng Kalahok

Bilang Kalahok sa Healthy San Francisco, may ilang bayarin na maaaring kailanganin ninyong bayaran.

Nakabatay ang bayarin ng Kalahok sa Healthy San Francisco sa isang sliding scale. Ang ibig sabihin nito, gagastos ang mga Kalahok sa programa ng mas malaki o mas mababa depende sa kanilang kita. Ang mga kalahok na mas mababa ang kita ay mas mababa ang babayaran; Mas malaki naman ang babayaran ng mga mas malaki ang kita. Ang mga babayaran ng mga kalahok ay mula $0 hanggang $450 at binabayaran nang apat na beses sa isang taon. Tutukuyin ang eksaktong halaga ng isang Sertipikadong Tagatulong sa Aplikasyon sa panahong makumpleto ang inyong aplikasyon.

Mga Babayaran Kung Saan Ipinagkakaloob ang Mga Serbisyo

Dagdag pa sa babayaran ng Kalahok, maaaring kailangang magbayad ang ilang Kalahok ng babayaran Kung Saan Ipinagkakaloob ang Serbisyo sa kanilang klinika sa oras ng pagtanggap ng serbisyo. Halimbawa, maaaring kailangan ang karagdagang bayad tuwing pupunta ka sa isang doktor, emergency room, o kukuha ng reseta. Ang halaga ng babayaran Kung Saan Ipinagkakaloob ang Serbisyo ay depende sa Medical Home at kita ng sambayahan ng Kalahok. Kung ang kita mo ay mas mababa sa isang partikular na halaga, maaaring hindi na kailangang magbayad ng babayaran Kung Saan Ipinagkakaloob ang Serbisyo.

Panahon ng Pagre-renew

Upang panatilihin ang iyong access sa mga serbisyong pangkalusugan, dapat kang mag-aplay muli para sa Healthy San Francisco tuwing labindalawang buwan. Ibig sabihin nito na taon-taon, dapat kang makipagkita sa isang Certified Application Assistor upang sagutan ang isang bagong aplikasyon at magsumite ng mga pinakabagong kopya ng mga hinihinging dokumento.

May dalawang madadaling paraan upang i-renew ang pakikilahok mo sa Healthy San Francisco:

1. **Abangan sa koreo ang iyong sulat na abiso tungkol sa iyong taunang pagre-renew.** Ang petsa ng pagkakatanggap mo sa Healthy San Francisco ay tinatawag na petsa ng anibersaryo mo. Makakatanggap ka mula sa koreo ng abiso sa pagre-renew bago dumating ang petsa ng anibersaryo mo bawat taon na nakikilahok ka sa programa.
2. **Sa sandaling matanggap mo ang iyong abiso sa pagre-renew, magtakda ng appointment sa isang Certified Application Assistor sa iyong Medical Home.** Ang impormasyong pangkontak sa kanila ay nasa matatanggap mong sulat na abiso sa pagre-renew. Tungkulin mong siguruhin na mag-renew ka bago ang petsa ng anibersaryo mo. Ang pagkabigong mag-renew bawat taon ay magreresulta sa pagkakatanggal mo sa Healthy San Francisco.

Kung lilipat ka, siguruhing tawagan kaagad ang Serbisyo sa Kostumer ng Healthy San Francisco sa **1(415) 615-4555.** Kung hindi namin hawak ang iyong pinakabagong address, baka hindi mo matanggap ang abiso sa pagre-renew at baka matanggal ka sa programa.

Kung hindi mo natatanggap ang mga abiso sa koreo, tawagan ang iyong Certified Application Assistor para magpatulong. Maaari kang matanggal sa Healthy San Francisco kung:

- Mabigo kang i-renew ang iyong coverage sa Healthy San Francisco
- Lumipat ka sa labas ng San Francisco
- Kukuha ka ng segurong pangkalusugan
- Maging karapat-dapat ka sa segurong pangkalusugan na inisponsoran ng pamahalaan tulad ng Medi-Cal o Medicare
- Hindi mo binabayaran ang anumang hinihinging babayaran para sa pakikilahok
- Matuklasang gumawa ka ng mga di totoong pahayag sa iyong aplikasyon o mga materyales sa pagre-renew
- Aabusuhin mo ang programa



Puntahan kami sa:

healthysanfrancisco.org

MGA DAPAT TANDAAN

MGA DAPAT TANDAAN

HealthySF
OUR HEALTH ACCESS PROGRAM

healthysanfrancisco.org

Ang Healthy San Francisco ay bukas sa lahat ng residente ng San Francisco anuman ang katayuan sa imigrasyon, sa trabaho, o kasalukuyang kondisyong medikal. Ito ay pinatatakbo ng Departamento ng Kalusugan ng Publiko (DPH) sa San Francisco.

Mga Madudulugan at Importanteng Kontak

Serbisyo sa Kostumer ng Healthy San Francisco

Lunes hanggang Biyernes
8:30am hanggang 5:30pm PST

1(415) 615-4555....Mga Kalahok sa Healthy San Francisco

1(415) 547-7830....TDD para sa mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Diperensiya sa Pagsasalita

Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Ugali sa Komunidad (CBHS) ng San Francisco

1(415) 255-3737....Mga Tumatawag nang Lokal

1(888) 246-3333....Mga Tumatawag nang Toll-Free

1(888) 484-7200....TDD/TTY para sa mga Taong Hindi Nakakarinig, Nahihirapang Makarinig, o may Mga Diperensiya sa Pagsasalita

Emergency: Tumawag sa **911**

- Kumuha ng ambulansya
- Mag-report ng emergency na nagsasapanganib sa buhay

Tumawag sa **311** upang:

- Kumuha ng impormasyon tungkol sa mga iba pang madudulugan sa komunidad tungkol sa kalusugan
- Kumuha ng impormasyon tungkol sa mga madudulugang walang kinalaman sa kalusugan tulad ng mga programang paglilibang pampubliko at mga iba pang serbisyo ng Lungsod

401301 0522